

## 1. Paalala mula sa Tochigi Tax Office.

Ang lugar kung saan pwedeng magfile ng income tax return ay sa pangunahing gusali ng Tochigi Chamber of Commerce and Industry o TochigiShokaijo. Ito ay mula ika-16 ng Pebrero hanggang ika-15 ng Marso alas 9:00 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon.

Kung ikaw ay dayuhang residente at hindi naipaalam sa iyong employer ang tungkol sa iyong mga dependents na naninirahan sa labas ng bansang hapon ay maaring ipagbigay alam ito upang makinabang ng tax exemptions para sa mga nasabing dependents na wala sa Japan. Ang dependents ng isang tax payer ay maaring ang kanyang sariling mga anak, magulang, kapatid, apo, lolo at lola, asawa o maging ang mga magulang ng asawa. Sa paghahain ng buwis ay mahalagang dalhin ang kopya ng withholding tax slip, ang alien card, katibayan ng visa status at libreta ng banko.

Bilang karagdagan, kailangan din ang mga dokumento na may kinalalaman sa mga kamag-anak na sila ay ating mga dependents na tumatanggap ng ating mga remittances. Ito ay sa paglakip ng mga dokumento na inisyu ng pambansa o local na pamahalaan gaya ng birth, marriage certificates at iba pa. Ang mga dokumentong may kinalalaman sa remittances ay maaring ang remittance certificate o credit card money transfer receipts. Kung ito ay nakasaad sa banyagang wika ay dapat isalin lahat sa wikang hapon. Dapat ding malaman na hindi na kailangan ang personal seal o hanko.

sa application form ng income tax returns. Dapat lang itong pirmahan.

Upang makapasok sa lugar na kung saan maghahain ng buwis ay kailangan ang admission ticket na nakalagay ang oras ng appointment.

Ipapamahagi ito sa araw na pagpunta sa venue.

Inaasahan ang kooperasyon ng lahat sa pagsisikap na maiwasan ang g

## 2. Impormasyon tungkol sa Pamamahagi ng 100,000¥ bilang Suporta sa Child-Rearing Families.

Ang cash handouts ay ibibigay na suporta sa mga child rearing households dahil sa epekto ng COVID 19 sa kanilang kabuhayan.

Ang lungsod ng Tochigi ay naibigay na ang lumpsum na halagang 100,000 yen sa mga householder ng eligible na bata mula pa noong ika-23 ng Disyembre. Ang mga mabibigyan ng suportang ito ay makakatanggap muna ng abiso mula sa munisipiyo ng lungsod. Para sa mga kasalukuyang tumatanggap ng child allowances ay hindi na kailangang mag-apply para dito. Para naman sa mga pamilyang may Junior at Senior Highschool na anak ay parehong makakatanggap sa nasabing araw ng ika-23 ng Disyembre ngunit ang may senior highschool na anak lamang ay kailangang mag-apply. Ganundin sa mga householders na may bagong panganak na sanggol mula Oktubre ngayong taon ay kailangan din mag-apply. Ang application forms ay matatanggap mula Enero ng susunod na taon at kasunod nito ay ang pamamahagi ng nasabing ayuda para sa mga bata.

Para sa katanungan tungkol sa pamamaraan ng pag-apply, deadlines at iba pa ay mangyaring tumawag sa Child Care Support Division sa Tel.No. 0282-21-2222.

### 3. Pag-iwas sa Covid19

Ang kasalukuyang alert level ng COVID19 Infection ng Tochigi Ken ay nasa Alert Level 1. Tila bumababa na ang bilang ng nahahawaan ng COVID 19 sa Japan ngunit may bagong variant na kung tawagin na Omicron. Ito ay kumakalat na naman sa buong mundo. Ang Omicron strain ay lubos na nakakahawa at nasabing nagkakaroon ng maraming kaso ng breakthrough infections na sanhi nito kahit nagkaroon na ng dalawang dosis ng COVID 19 vaccination.

Sa bansang hapon, ang New Year o “Oshougatsu” ay may napakahalagang tradisyunal na kaugalian at mga events. Ang mga dayuhang residente ay maari ring magkaroon ng mga pagtitipon o mga parties para sa pagdiriwang ng pagsalubong ng bagong taon. Dahil dito ay pinapayuhan ang lahat na maging maingat upang makaiwas sa “cluster infections”. Bilang partikular, binabalaan ang ang lahat na mag-ingat at huwag na lang dumalo sa mga kasayahan kung masama ang pakiramdam. Iwasan ang pagpunta sa mga kaganapan kung saan maraming tao ang nagsisiksikan at nagsisigawan.

Ang COVID 19 ay hindi pa tuluyang nawawala kahit nabakunahan na ay maari pa ring mahawa. Sa ating pangaraw-araw na pamumuhay ay patuloy pa ring gawin ang mga pangunahing hakbang sa pag-iwas ng impeksyon tulad ng pagsuot ng facemasks, paghugas at pagdisimpekta ng mga kamay at kasiguruhan ng tamang bentilasyon ng kinaroroonang lugar